

Ulat Balita ng Kigtawan ng Lungsod ng Kawasaki para sa mga Banyagang naninirahan rito

kopya 42

Isinaayos at Inilathala ng:
Lingkurang ng karapatang tao Pantas na Kasarian Kawanihan ng Mamamayan at Kabataan ng Lungsod ng Kawasaki
Petsa ng Paglalathala: Setyembre 30, 2011
<http://www.city.kawasaki.jp/25/25zinken/home/gaikoku/index.htm>

Para sa Mga Biktima ng Malaking Lindol sa Silangang bansang Hapon

Isang malaking lindol ang pumalo sa hilagang-silangang baybayin ng bansang Hapon noong Marso 11, 2011, na nagdulot ng napakalaking pinsala na hindi natin akalain, at kung saan napakaraming bilang ng mga mahalagang buhay ang nawala. Dahil walang mapagpipilian kundi tumira sa mga pang-emerhensiyang silungan o pansamantalang pabahay, maraming tao ang nakakaranas pa rin ng mga paghihirap sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ninanais ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Lungsod ng Kawasaki para sa mga Dayuhang Residente, bilang kapwa residente sa bansang Hapon, na magbigay ng aming pinakamalalim na pakikiramay at mga panalangin para sa mga nawalan ng kanilang buhay sa kalamidad. Nais naming ipaabot ang aming pakikipagdalamhati sa lahat ng mga apektado sa sakuna at nagdadasal kami para sa maagang pagbangon ng rehiyon.

Hulyo 10, 2011 Kapulungan ng mga Kinatawan ng Lungsod ng Kawasaki para sa mga Dayuhang Residente

★Mga Anunsyo: Piyesta ng Iba't Ibang Kultura, Piyesta ng Mamamayan, at Bukas na Talakayan★

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay muling lalahok sa iba't ibang kaganapan sa taong ito upang makisalamuha sa mga mamamayan at maitaguyod ang Kapulungan ng mga Kinatawan. Sa Nobyembre, ang Kapulungan ng mga Kinatawan ay magkakaroon ng Bukas na Talakayan bilang isang pambihirang sesyon. Umaasa kaming maraming tao ang sasali dito.



◇Piyesta ng Iba't Ibang Kultura sa Mizonokuchi◇

Oktubre 22 (Sab.) 10:30 a.m. - 3:00 p.m.
Sa Bulwagang Pambayan ng Takatsu (Takatsu Civic Hall), Nocty 2, sa palapag sa itaas ng bubong (2-minutong paglalakad mula sa Istasyon ng Mizonokuchi o Musashi Mizonokuchi)
Magtatayo ang Kapulungan ng mga Kinatawan ng mga food stall mula sa iba't ibang kultura.
Ihahain ang kropek (Intsik), goulash (Silangang Europa) at pansit palabok (Pilipinas). Mabuting gana!



◇Piyesta ng Mamamayan ng Kawasaki◇

Nobyembre 4 (Biyernes) - 6 (Linggo)
Sa Parke ng Fujimi, Kawasaki Ward
Lalahok ng Kapulungan ng mga Kinatawan sa ika-5 (Sabado) at ika-6 (Linggo) ng buwan. Nasa parada at sa entablado kami. Magtatayo rin kami ng lugar kung saan ang mga tao ay maaaring sumubok na suotin ang mga etnikong damit at kumuha ng litrato, isang lugar kung saan ang mga tao ay maaaring magpatugtog ng mga katutubong instrument, at isang lugar kung saan ang mga tao ay makakainom ng mga tsaa mula sa iba't ibang bansa. Magkakaroon rin ng kasiyahan at mga laro para sa mga bata.



◇Bukas na Talakayan◇

Nobyembre 20 (Linggo) 2:00 - 5:00 p.m.
Sa Pangunahing silid pangkomperensiya, Bulwagang Pambayan ng Takatsu (Takatsu Civic Hall)
(Nocty Plaza 2, 2-minutong paglalakad mula sa Istasyon ng Mizonokuchi o Musashi Mizonokuchi)
Magsasagawa kami ng isang panel discussion, pati na rin ng isang plenaryong pagpupulong kung saan ang mga kalahok ay magpahayag sa kanilang mga opinyon. Magkakaroon ng isang maliit na salu-salo (libre) kung saan maaaring makisalamuha sa mga tao at makilala ang iba pagkatapos ng pagpupulong.

◆◇Nanga ngailangan at Naghahanap ngayon ng bagong miyembro para sa ika-siyam na magiging Kinatawan ng Daguhang mag Residente◆◆

Ang Kapulungan ng mga Kinatawan para sa mga Dayuhang Residente ay itinatag noong 1996 alinsunod sa isang ordinansa ng lungsod upang itaguyod ang pag-uunawaan ng kapwa-tao at bumuo ng mas mabuting mga lokal na komunidad. Pipili ang mga miyembro ng kapulungan ng ilang tema mula sa mga problema na hinaharap ng mga dayuhang residente araw-araw, magsasagawa ng pananaliksik sa mga paksang iyon, magtatalakay sa kanilang natuklasan, at gagawa ng mga panukala sa alkalde. Ito ang iyong pagkakataon upang masiguro na ang iyong boses ay maririnig ng administrasyon ng lungsod.

Takda: Abril 1, 2012 hanggang Marso 31, 2014 (dalawang taon)

(Posisyong tagapaglingkod sa bayan para sa espesyal na serbisyo sa pamahalaan. Makakatanggap ka ng kabayaran para sa pagdalo sa mga pagpupulong.)

Paglalarawan ng mga gawain: Lalahok sa mga pagpupulong na gaganapin nang humigit-kumulang walong beses sa isang taon (karaniwang gaganapin sa Linggo at isinasagawa sa wikang Hapon).

Kwalipikasyon: Mga taong nakarehistro bilang dayuhang residente ng Kawasaki para sa hindi bababa sa isang taon at 18 taong gulang o mas matanda.

Paano mag-aplay: Ipadala ang iyong aplikasyon nang hindi lalampas sa Disyembre 14, 2011 (ayon sa nakahiwatig sa tatak-koreo ng sobre)

* Ang mga porma sa aplikasyon ay makukuha simula Oktubre 1 sa mga tanggapan ng ward, sa mga civic hall, mga aklatan, at sa Pang-internasyonal na Sentro ng Kawasaki (Kawasaki International Center). Bilang alternatibo, maaari ring i-download ang mga porma mula sa Website ng Kapulungan ng mga Kinatawan (<http://www.city.kawasaki.jp/25/25zinken/home/gaikoku/index.htm>)

Para sa mga Katanungan: Tanggapan ng Mga Karapantang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mga Mamamayan at Mga Bata, Lungsod ng Kawasaki
TEL 044-200-2359 FAX 044-200-3914 E-mail 25gaikok@city.kawasaki.jp

Iskedyul ng mga Pagpupulong sa Taong 2011 ng Kapulungan ng mga Kinatawan



Unang Pagpupulong, Unang Araw: Linggo, Mayo 15 (natapos na)
Unang Pagpupulong Ika-2 Araw: Linggo, Hunyo 12 (natapos na)
Pangalawang Pagpupulong, Unang Araw: Linggo, Hulyo 10 (natapos na)
Pangalawang Pagpupulong Ika-2 Araw: Linggo, Setyembre 11 (natapos na)
Ikatlong Pagpupulong, Unang Araw: Linggo, Oktubre 30
Ikatlong Pagpupulong Ika-2 Araw: Linggo, Disyembre 11
Ika-apat na Pagpupulong, Unang Araw: Linggo, Enero 22
Ika-apat na Pagpupulong Ika-2 Araw: Linggo, Pebrero 19
Oras: 2:00 - 5:00 p.m.

Lokasyon: Pang-internasyonal na Sentro ng Lungsod ng Kawasaki
(Kawasaki City International Center)

(Pinakamalapit na istasyon: Istasyon ng Motosumiyoshi, Linya ng Tokyu
Toyoko. 10-minutong paglalakad mula sa istasyon.)

◇Especiyal na Pulong (Bukas na Talakayan)

Oras at petsa: 2:00 - 5:00 p.m. sa Nobyembre 20 (Linggo)

Lokasyon: Bulwagang Pambayan ng Takatsu (Takatsu

Civic Hall) (2-minutong paglalakad mula sa istasyon ng

Mizonokuchi, Linya ng Tokyu Deentoshi, Oimachi, o mula sa istasyon

ng Musashi Mizonokuchi, Linya ng JR Nanbu)

Iniiimbihan ang lahat na magpunta upang obserbahan ang alinman sa mga pagpupulong. Huwag mag-atubiling dumalo.

Mga ulat sa mga pagpupulong

(Mayo 2011 - Hulyo 2011)

- Unang Pagpupulong, Unang Araw (Mayo 15, 2011)
- Unang Pagpupulong, Ika-2 Araw (Hunyo 12, 2011)
- Pangalawang Pagpupulong, Unang Araw (Hulyo 10, 2011)

Bahagi ng Buhay at Lipunan

Mula sa mga paksa na hindi inaakalang gagamit nang maraming oras, natalakay ng Kapulungan ng mga Kinatawan ang mga isyu hinggil sa Pagkontrol ng Imigrasyon, ang pagkakaroon ng mga serbisyong pampubliko sa Sabado at Linggo, pagparami ng bilang ng mga libro sa banyagang wika sa aklatan, at tulong sa mga estudyanteng galing sa ibang bansa. Sa taong 2011, sakop sa mga talakayan ang tulong sa pabahay, ang pinakahuling paksa na hindi gumamit ng maraming oras, at pagkatapos ay inilipat sa mga paksa na nangangailangan ng ilang oras upang talakayin. Hanggang sa Hulyo, tinalakay namin ang tulong sa pabahay, trabaho, mga pensiyon, mga survey sa mga dayuhang residente, at isang sistema sa pagkolekta ng mga opinyon ng mga dayuhang residente. Ang sumusunod ay nag-uulat sa bahagi ng mga talakayan.

<Tulong sa pabahay>

Ikinababahala namin na ang impormasyon tungkol sa tulong sa pabahay ay hindi sapat na napapalaganap sa mga dayuhang residente kahit na ang Lungsod ng Kawasaki ay mayroong mabuting sistema sa tulong sa pabahay.

<Trabaho at mga pensiyon>

Ang mga tao na namamahala sa trabaho at mga pensiyon sa Tanggapan ng Pensiyon sa Kawasaki (Kawasaki Pension Office), Pambansang Pondo sa Pensiyon ng Kanagawa Prefecture (Kanagawa Prefecture National Pension Fund), Seksiyon sa Pensiyon at Seguro ng Lungsod ng Kawasaki (Pension and Insurance Section of Kawasaki City) ay nagpaliwanag sa sistema ng pensiyon. Para sa mga residente na bumalik sa kanilang mga bansa pagkatapos na nagtrabaho sa bansang Hapon sa pagitan ng isa at tatlong taon at para sa mga permanenteng residente sa panahong sila ay tatanggap ng pensiyon, ang kanilang pagiging dayuhan ay malamang na hindi magdudulot ng anumang mga problema. Subalit, kung sila ay umalis sa bansang Hapon pagkatapos na magtrabaho nang higit sa tatlong taon, makakatanggap lamang sila ng maliit na kabuuang bayad sa pag-alis sa pensiyon (lump sum withdrawal payment). Sa tingin namin, hindi makatarungan ang sitwasyong ito.

<Pag susuri ng mga dayuhan at isang sistema sa pagkolekta ng mga opinyon ng mga dayuhang residente>

Ang hamon ay kung papaano maunawaan ang kasalukuyang mga kondisyon at mga opinyon ng mga dayuhang residente na hindi lumalahok sa Kapulungan ng mga Kinatawan. Ito ay isang mahirap na problema lalung-lalo na sa mga dayuhang residente na hindi masyadong naiintindihan ang wikang Hapon. Ipinahayag ang isang opinyon na maaaring makatulong ang pagtitipon ng estatistika sa pamamagitan ng mga survey.

Sa Parte ng Buhay at Lipunan, plano naming talakayin ang mga panukala na gagawin namin sa alkalde pagkatapos na talakayin ang panlipunang paglahok.

(David CHART, Bahagi ng Buhay at Lipunan)

Ulat ng mga Aktibidad at mga Panukala sa Alkalde at Kapulungan ng Lungsod sa Taong 2010



◇Pag-ulat sa Alkalde◇

Noong Lunes, Hunyo 6, sinumite ni Ping WANG, ang pangalawang pangulo ng Ika-8 Kapulungan ng mga Kinatawan ng Lungsod ng Kawasaki, ang Taunang Ulat sa Taong 2010 kay Alkalde ABE. Ipinaliwanag ni Pangalawang pangulo Ping WANG ang mga paksang tinalakay ng Kapulungan ng mga Kinatawan sa Taong 2010, ang ipinahayag na mga opinyon, at mga detalye ng mga aktibidad sa Bukas na Talakayan sa alkalde alinsunod sa taunang ulat. Sinabi ni Alkalde Abe na "Gusto kong magpatuloy kayo sa pagtalakay sa mga isyu nang isa pang taon at gumawa ng nakakatulong na mga panukala," bilang reaksiyon.

◇Ulat sa Kapulungan ng Lungsod◇

Noong Miyerkoles, Hulyo 27, dumalo si Pangalawang pangulo Ping WANG sa Komite ng mga Mamamayan ng Kapulungan ng Lungsod bilang saksi at gumawa siya ng ulat batay sa taunang ulat tungkol sa mga aktibidad sa Taong 2010 ng Kapulungan ng mga Kinatawan. Ang pagdinig na ito ay isinagawa upang makakuha ang komite ng mga opinyon ng kinatawan at maisaalang-alang ang mga ito. Sinabi ng tagapangulo ng komite na "Nais kong magpatuloy ang Kapulungan ng mga Kinatawan na maging tagasuporta ng multikulturalismo sa Lungsod ng Kawasaki, na aktibo sa pagpapaunlad nito."



Mga ulat sa mga pagpupulong

(Mayo 2011 - Hulyo 2011)

Banagi ng Edukasyon

- Unang Pagpupulong, Unang Araw (Mayo 15, 2011)
- Unang Pagpupulong, Ika-2 Araw (Hunyo 12, 2011)
- Pangalawang Pagpupulong, Unang Araw (Hulyo 10, 2011)

Sa nakaraang taon, tinalakay namin ang tulong para sa mga magulang. Ngayong taong ito, tinatalakay namin ang multikultural na edukasyon, pang-aapi (bullying), at pagbibigay ng impormasyon. Aktibong nagpalitan ng kanilang mga opinyon ang mga miyembro, kung saan ang bawat miyembro ay nagsalita tungkol sa kanilang mga karanasan at nagbigay ng mga halimbawa mula sa kanilang mga bansa. Nilalahad ng sumusunod ang ilan sa mga opinyon.

<Tulong sa mga magulang>

Bago pumasok ang mga anak natin sa paaralan, gusto naming maisagawa ang mga panggabay na seminar para sa mga dayuhang magulang sa maraming wika at sa simpleng wikang Hapon.

Sa panahon ng pagpaparehistro ng dayuhan, dapat may mekanismo upang masuri kung kailangan o hindi ang impormasyon para sa mga dayuhang magulang.

Makakatulong kung mayroong mga boluntaryong interpreter na tutulong upang magkaroon ng mabuting komunikasyon sa pagitan ng mga paaralan at mga magulang.

<Multikultural na edukasyon>

Paano kaya kung hilingin natin sa lupon ng edukasyon na magtayo ng sistema na magpapadala ng mga guro para sa mga kultura ng mundo sa iba't ibang lugar sa prefecture?


<Pang-aapi (Bullying)>

Tumutulong ang multikultural na edukasyon upang maipagmalaki ng mga bata ang kanilang pinanggalingan at kanilang mga magulang. Kung masasabi ng mga bata sa kanilang mga magulang kung ano ang nangyayari sa paaralan, mapapansin kaagad ng mga magulang ang pang-aapi (bullying) sa maagang panahon.

Mabuting bagay na matututunan natin kung paano tratuhin ang mga sitwasyon kung saan inaapi ang ating mga anak sa paaralan, pati na ang mga karapatan ng mga bata.

Ang bawat miyembro ng Banagi sa Edukasyon ay may mataas na antas na interes sa edukasyon ng mga kabataan at aktibong lumalahok sa mga talakayan. Malugod naming tinatanggap ang iyong mga opinyon sa pamamagitan ng mga palatanungan na ipinamamahagi sa mga taga-observa ("Mga Boses ng Taga-observa"). Nais naming mapabuti ang aming mga panukala sa pamamagitan ng pagsaalang-alang sa mga opinyong galing sa maraming tao.

(Duncan EDMOND, Pinuno ng Bahagi ng Edukasyon)



**Panulukan ng
Impormasyon**

**Mga Nakarehistrong Dayuhan sa Lungsod ng Kawasaki
(sa bawat Ward)
Sa katapusan ng Hunyo 2011 (Yunit: Bilang ng Tao)**

Kawasaki Ward	Saiwai Ward	Nakahara Ward	Takatsu Ward	Miyamae Ward	Tama Ward	Asao Ward	Total ng Lungsod
11,806	3,667	4,369	3,738	2,716	3,625	1,873	31,796

Bagong Presidente at Bise Presidente

Si Hallimah ELOK, na nakapagsilbi na bilang presidente ng Ika-8 Kapulungan ng mga Kinatawan ng Lungsod ng Kawasaki mula noong Abril 2010, ay nagretiro sa katapusan ng Marso 2011. Si Deke OPANGO (Demokratikong Republika ng Congo) ay nahalal bilang bagong tagapangulo at si Ping WANG (Tsina) at nahalal bilang bagong pangalawang pangulo. Ipagpapatuloy natin ang ating mga talakayan sa ilalim ng bagong presidente at bagong pangalawang pangulo. Nangangako ang Kapulungan ng mga Kinatawan na ipagpapatuloy nito ang pagbibigay ng kanyang buong pagpupunyagi.



Presidente OPANGO (Kaliwa), Pangalawang pangulo WANG (Kanan)

Pagpapakilala

Presidente Deke OPANGO

Ako si Deke OPANGO at nahalal ako bilang Tagapangulo. Galing ako sa Demokratikong Republika ng Congo.

Magsusumikap akong gawin ang Kawasaki na isang lungsod na komportableng tirhan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga mamamayan ng bansang Hapon at mga dayuhang residente. Umaasa akong makinabang sa inyong suporta at kooperasyon.

Pagpapakilala

Pangalawang Pangulo Ping WANG

Mayroon akong espesyal na damdamin para sa Lungsod ng Kawasaki. Dahil ito ang unang pagkakataon na magiging kinatawan ako, ang pagpupulong ng mga kinatawan ay isang malaking hamon para sa akin. Tutuparin ko ang tungkulin bilang pangalawang tagapangulo sa abot ng aking kakayahan upang matugunan ang aking mga responsibilidad. Kahit na hindi akong mahusay sa pagharap sa publiko, magtatrabaho ako nang mabuti upang suportahan ang tagapangulo hangga't maaari.

-Kapakipakinabang na Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente #3-



Tulong sa pabahay

May problema ako.
Hindi ako makaka-upa ng bahay dahil wala akong tagagarantiya.



May sistema sa pag-upa ng bahay nang walang tagagarantiya!

May sistema ang Lungsod ng Kawasaki upang tulungan ang mga residente na lumipat sa isang pribadong paupahang bahay kung hindi sila makahanap ng tagagarantiya dahil sila ay dayuhan. Ang kompanyang naggagarantiya ay nag-aalok ng mga monetaryong garantiya, at ang Lungsod ng Kawasaki o isang sumusuportang organisasyon ay nagbibigay ng mga serbisyo katulad ng pagpapadala ng interpreter sa mga taong hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon. Upang maging karapat-dapat para sa serbisyo, kailangan na kaya ng aplikante na magbayad sa upa, mamuhay na hindi umaasa sa iba, at siguraduhing mag tata wagan sa oras ng Kagipitan (kamag-anak o kaibigan) sa bansang Hapon. Kailangan rin ng aplikante na magbayad sa singil ng taga garantiya at kaba yaran sa kasiguraduhan laban sa anumang sakuna.

◇ Mga Tao na makakagamit sa sistema

(1) Mga dayuhang residente, (2) Mga matatanda, (3) Mga taong may kapansanan, (4) Mga pamilyang isa lang ang magulang, (5) Mga taong nakatira sa pang-emerhensiyang silungan dahil sa karahasan sa tahanan at aalis na mula dito, (6) Mga taong aalis na sa mga sariling-suportang pasilidad para sa mga walang bahay. (7) Mga taong aalis na sa mga pasilidad ng kabutihan at kapakanan ng bata, (8) Mga tao na may partikular na mga sakit

◇ Paano gagamitin ang sistema

Makipagkonsulta sa Sangay sa Paggawa at Pagpapabuti ng Pabahay (Housing Construction and Improvement Division) ng Kawanihan sa Pagpapabuti ng Bayan ng Lungsod ng Kawasaki (Kawasaki City Urban Improvement Bureau) at kumpirmahin na ikaw ay karapat-dapat sa sistema → Tumanggap ng paliwanag sa sistema sa counter, at kumuha ng listahan ng mga nakikipagtulangang mga real estate na ahensiya → Maghanap ng bahay sa nakikipagtulangang real estate na ahensiya at makipag-ayos na gamitin ang sistema.

* Nag-aalok kami ng paliwanag sa sistema ng tulong sa pabahay sa maraming wika sa Tanggapan ng Konsultasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Lungsod ng Kawasaki (Consultation Desk for Foreign Residents of Kawasaki City) sa Pang-internasyonal na Sentro ng Kawasaki (Kawasaki International Center)

Mga katanungan at mga aplikasyon: Sangay sa Paggawa at Pagpapabuti ng Pabahay, Kawanihan sa Pagpapabuti ng Bayan ng Lungsod ng Kawasaki (Housing Construction and Improvement Division, Kawasaki City Urban Improvement Bureau) TEL: 044-200-2997

<Mga Katanungan> Tanggapan ng Mga Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mga Mamamayan at Mga Bata, Lungsod ng Kawasaki (川崎市市民・子ども局人権・男女共同参画室) 1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577 (〒210-8577 川崎市川崎区宮本町1)
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tatanggapin ang iyong mga ideya at mungkahi hinggil sa newsletter at Kapulungan.